# Pansinin, magpapadala ako sa iyo sa kung sa ano nagpadala sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): na hindi ka mag-iiwan ng isang imahen malibang binura mo ito ni ng isang libingang nakausli malibang pinatag mo ito."}

Ayon kay Abu Al-Hayyāj Al-Asadīy na nagsabi: {Nagsabi sa akin si `Alīy: "Pansinin, magpapadala ako sa iyo sa kung sa ano nagpadala sa akin ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): na hindi ka mag-iiwan ng isang imahen malibang binura mo ito ni ng isang libingang nakausli malibang pinatag mo ito."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsusugo noon ng mga Kasamahan niya kalakip ng utos na huwag silang mag-iwan ng isang imahen – na isang larawan ng anumang may kaluluwang binigyang-katawan o hindi binigyang-katawan – malibang inalis nila ito o pinawi nila ito; at huwag silang mag-iwan ng isang libingang iniangat malibang ipinantay nila ito sa lupa at winasak nila ang nasa ibabaw nito na estruktura o ginawa nila itong patag na hindi nakaangat buhat sa lupa nang isang malaking pagkaangat, bagkus nakaangat ng mga isang dangkal.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee